Unibersidad ng Pilipinas Diliman

# Pangkalahatang Pabatid ukol sa Pribasiya

Ito ang pangkalahatang pahayag ng UP Diliman hinggil sa mga paraan ng pagpoproseso ng mga datos upang ipaalam ang mga kategorya ng mga naprosesong personal data at ang layunin at lawak ng pagpoproseso. Hindi ito pormularyo ng pahintulot kundi isang pabatid kung paano pinoproseso ng UP Diliman ang personal data. Ang mga Patakaran ng UP Diliman ukol sa pribasiya ng datos o data privacy ay makikita sa UP Diliman Privacy Portal sa upd.edu.ph/privacy.

## 1. Halaga ng Pagpoproseso

Pinoproseso ng UP Diliman ang Personal Data upang:

1. Magampanan ang mga tungkulin, magamit ang mga karapatan, at matupad ang mga kaugnay na mga tungkulin nito bilang:
    1. isang ahensiya ng pamahalaan;
    2. isang institusyon ng mas mataas na edukasyon.

2. Maitaguyod ang mga layunin at mandato nito:
    1. sa ilalim ng Batas Blg. 1870 bilang "unibersidad para sa mga Isla ng Pilipinas";
    2. sa ilalim ng Batas Republika 9500 bilang "pambansang unibersidad."

Gumagamit ang UP Diliman Website ng cookies upang maiwasan ang mga panganib sa seguridad, malaman na naka-log in ang user, maiangkop sa user ang browsing experience, maiimbak ang mga authorization token, mapahintulutan ang pagbabahagi sa social media, makapag-troubleshoot, at mamonitor ang anonymized o aggregated statistics.

## 2. Nakolektang Personal Data

Kinokolekta ng UP Diliman ang sumusunod na Personal Data:

• Personal na mga detalye tulad ng pangalan, kapanganakan, kasarian, estado sibil at mga ugnayan;
• Impormasyon sa pakikipag-ugnayan tulad ng tirahan, email, mobile at telephone numbers;
• Impormasyong akademiko tulad ng mga grado, kurso at katayuang akademiko;
• Impormasyon sa trabaho tulad ng mga numero ng identipikasyon na ibinigay ng pamahalaan, posisyon at tungkulin;
• Impormasyon ng aplikante tulad ng natamong edukasyon at dating mga trabaho;
• Impormasyong medikal tulad ng pisikal, sikiyatriko at sikolohikal na impormasyon.

## 3. Paraan ng Pangongolekta

Kinokolekta ng UP Diliman sa pisikal na pamamaraan ang Personal Data sa pamamagitan ng mga nakalimbag na pormularyo, mga kalakip, at iba pang dokumentong hinihingi ng Unibersidad, at ng mga akademikong yunit at administratibong tanggapan nito.

Kinokolekta ng UP Diliman sa elektronikong pamamaraan ang Personal Data sa pamamagitan ng mga elektronikong pormularyo, email, o direktang pag-input ng impormasyon ng indibidwal na may-ari ng Personal Data o ng guro, kawani, Research, Extension and Professional Staff (REPS), o ahente ng UP Diliman.

## 4. Pagtatakda ng Panahon ng Pangongolekta

Karaniwang kinokolekta ng UP Diliman ang Personal Data sa simula ng pakikipag-ugnayan sa UP Person tulad ng aplikasyon ng mag-aaral, guro, kawani o iba pang UP People; o bago ang simula ng pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, guro, kawani o iba pang UP People.

Kinokolekta rin ng UP Diliman ang impormasyon na partikular sa isang aksiyon o desisyon na isasagawa ng UP Person kaugnay sa UP Diliman o kaugnay sa ibang UP People.

## 5. Layunin ng Kinolektang Personal Data

Kinokolekta at pinoproseso ng UP Diliman ang Personal Data para sa sumusunod na mga layunin:

1. Magampanan ng UP Diliman ang mga obligasyon nito, magamit ang mga karapatan, at matupad ang mga kaugnay na tungkulin bilang ahensiya ng pamahalaan at bilang isang institusyon ng mas mataas na edukasyon;
2. Maisakatuparan ang mandato ng UP Diliman sa ilalim ng umiiral na mga batas at regulasyon;
3. Magsagawa ng mga kilos at pagpapasiya na kinakailangan ng UP Diliman upang pamahalaan at pangasiwaan ang mga gawain nito sa loob at labas bilang isang legal na entidad na may sariling mga karapatan at interes;
4. Makatugon sa mga kahingiang legal, regulasyon o administratibo kabilang ang mga kahingian sa pag-o-audit, pag-uulat at transparency;
5. Layunin na espesipiko sa UP Person alinsunod sa UP Diliman Privacy Policy.

## 6. Pag-iimbak, Lokasyon, Paghahatid at Paglilipat ng Personal Data

Nakaimbak ang Personal Data sa mga pisikal at elektronikong data processing system na pinamamahalaan ng iba't ibang yunit at tanggapan ng UP Diliman. Karaniwang nakaimbak ang mga pisikal na rekord sa mga folder o envelope sa mga drawer o istante. Karaniwang nakaimbak ang mga elektronikong rekord sa mga server o cloud storage na pagmamay-ari o kontrolado ng UP Diliman.

Ipinadadala at inililipat ang Personal Data alinsunod sa Chapter III ng Data Privacy Act of 2012 at Rule V ng Implementing Rules and Regulations nito.

## 7. Pamamaraan ng Paggamit

Ginagamit ng UP Diliman ang Personal Data ayon sa pangangailangan para sa mga lehitimong layunin nito sa ilalim ng UP Diliman Privacy Policy. Ginagamit ang Personal Data alinsunod sa Data Privacy Act of 2012, mga pabatid ng National Privacy

Commission, National Archives of the Philippines Act of 2007, mga pabatid ng National Archives of the Philippines, at mga patakaran at alituntunin ng UP System at UP Diliman.

## 8. Saklaw na Panahon ng Pangangalaga

Pangangalagaan ng UP Diliman ang datos alinsunod sa UP Diliman Records Management Policy. Sa mga pagkakataon na walang angkop na patakaran ng pagtatabi at pangangalaga sa datos, dapat ingatan ng isang yunit ng UP Diliman ang Personal Data alinsunod sa mga gawi ng mga ahensiya ng pamahalaan na may katulad na tungkulin.

## 9. Partisipasyon ng UP People

Mga karapatan ng UP People:

1. Karapatang mabigyang-impormasyon;
2. Karapatang tumutol lalo na kung makasasagabal sa pagsasakatuparan ng tungkuling akademiko, administratibo, at iba pang tungkulin o serbisyo;
3. Karapatan sa akses;
4. Karapatan sa pagwawasto;
5. Karapatan sa pagbura o pag-block sa Personal Data na hindi bahagi ng pampublikong rekord ng UP Diliman bilang isang ahensiya ng pamahalaan o bilang pambansang unibersidad; at
6. Karapatan sa pinsala na sakop ng kawalang-pananagutan ng UP Diliman mula sa mga insidental na pinsala na resulta ng pagtalima ng UP Diliman sa mandato nito o sa pagtupad sa legal na mga obligasyon nito.

Mga Responsabilidad ng UP People ang sumusunod:

1. Igalang ang mga karapatan sa pribasiya ng datos ng ibang tao;
2. Iulat ang anumang pinaghihinalaang Security Incident o Personal Data Breach sa UP Diliman sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan na makikita sa "The UP Diliman Data Protection Office;"

3. Bigyan ang Unibersidad ng Pilipinas ("UP") ng wasto at tumpak na Personal Data at iba pang impormasyon. Bago isumite sa UP ang Personal Data ng ibang tao, hingin muna ang kanilang pahintulot;
4. Huwag ibunyag sa sinumang di-awtorisadong partido ang anumang impormasyong pribado, kumpidensiyal, sensitibo, o personal na nakuha o nalaman mula sa UP; at
5. Sumunod sa mga alituntunin at patakaran ng UP System at UP Diliman ukol sa pribasiya ng datos, seguridad sa impormasyon o information security, pamamahala ng mga rekord, pananaliksik at etika.

Matatagpuan sa UP Diliman Data Subject Rights and Responsibilities ang iba pang karapatan at responsabilidad ng UP People.

## 10. Mga Katanungan

Ang mga katanungan at paglilinaw ukol sa pribasiya ng datos o data privacy ay maaaring idirekta sa UP Diliman Data Protection Office:

- Adres: UP Diliman Data Protection Office, L/GF, Gusaling Phivolcs., C.P. Garcia Avenue, Diliman, Lungsod Quezon 1101
- Telepono: (02) 255-3561
- Email: dpo.updiliman@up.edu.ph
- Security Incident and Personal Data Breach
- Hotline: securityincident@upd.edu.ph

Ang mga impormasyon ukol sa UP Diliman Privacy ay makikita sa UP Diliman Privacy Portal sa upd.edu.ph/privacy.

**Mga kahulugan**

Tumutukoy ang "Personal Data" sa lahat ng uri ng personal na impormasyon, sensitibong personal na impormasyon at pribilehiyadong impormasyon sa ilalim ng Data Privacy Act of 2012 at ng Implementing Rules and Regulations nito.

Tumutukoy ang "UP Person" o "UP People" sa mga mag-aaral, magulang, tagapangalaga, kaguruan, mga bisitang fakulti, kawani, Research, Extension and Professional Staff (REPS), mga kontraktwal ng UP, mga kontraktwal na non-UP, retirado, aplikanteng mag-aaral, aplikanteng guro, aplikanteng kawani, mananaliksik, mga kalahok sa pananaliksik, pasyente, kliyente, kustomer, alumni, donor, donees, contract counterparties, kasosyo, subcontractor, outsourcee, nagbibigay at kumukuha ng lisensiya, at iba pang tao na may legal na ugnayan sa UP Diliman.